# Ang Huling Hibla ng Kumot

ni: Romelynn D. Funclara



*__Romelynn D. Funclara__ is an esteemed educator, researcher, and Assistant Professor at Pangasinan State University (PSU) - Urdaneta City Campus, where she has been a cornerstone of academic excellence since 2007. Throughout her distinguished career, she has held key leadership roles, including GenEd Chair, Cultural Coordinator, and PRPIO Coordinator.*

*As a champion for student success and teacher development, Prof. Funclara serves as a Teaching Intern Supervisor and a trusted research advisor, critique reader, and panelist for both undergraduate and graduate studies. Her expertise is highly sought after as an evaluator for Instructional Materials (IMs) and lesson exemplars, and as a judge for various academic and performing arts competitions.*

*She holds a Master of Arts in Education (MAEd) in Filipino from PSU and is currently in the dissertation stage of her Doctor of Philosophy (PhD) in Filipino at Benguet State University.*

May kakaibang amoy ang silid ng mga tumatanda—isang timpla ng lumang kahoy, menthol, at ng unti-unting lumilipas na panahon.

Ito ang unang napansin ni Mateo nang pumasok siya sa kwarto ng kanyang ama na si Tatay Turing. Bihira na siyang makauwi sa kanilang lumang bahay sa probinsya. Bilang isang busy na manager sa lungsod, ang kanyang buhay ay umiikot sa mga deadline, tawag sa telepono, at walang katapusang pagmamadali. Ngunit ngayong katapusan ng linggo, napilitan siyang umuwi dahil sa sunod-sunod na tawag ng kanyang Ate na nagsasabing "hina na ang tuhod at isip ni Tatay."

Nakita niya ang ama na nakaupo sa gilid ng kama, pilit na inaabot ang dulo ng isang lumang kumot na gawa sa hinabing sinulid. Nanginginig ang mga kulubot nitong kamay. Ang mga kamay na dati'y kayang magbuhat ng dalawang kabang palay, ngayon ay hirap nang humawak kahit sa manipis na tela.

"Tay, ako na po," sulyap ni Mateo sabay lapit. Kinuha niya ang kumot at maingat na ipinatong sa mga binti ng ama.

Tumingala si Tatay Turing. May saglit na pagkabaliw sa kanyang mga mata—isang tila paghahanap sa kung sino ang nasa harap niya—bago unti-unting napalitan ng banayad na ngiti. "Mateo... ang bunso ko. Dumating ka pala."

"Bakit hindi niyo pa palitan ang kumot na ito, Tay? Ang nipis-nipis na, may mga butas pa," untag ni Mateo habang inilalapag ang kanyang mamahaling bag sa tabi. "Bibili kita ng bago at makapal na comforter mula sa mall."

Umiling nang dahan-dahan ang matanda. Hinawakan niya ang dulo ng kupas na tela. "Huwag, Teo. Ito ang kumot na hinabi ng nanay mo bago siya nawala. At ito rin ang kumot na ibinabalot ko sa iyo noong sanggol ka pa na umiiyak sa hatinggabi dahil sa hika." Napatitig si Mateo sa kumot. Sa bawat hibla niyon, tila may nakabuhol na alaala.

Sa bilis ng takbo ng mundo ngayon—kung saan ang lahat ay madaling palitan, itapon, at i-upgrade—nakalimutan na ni Mateo kung paano magmabagal. Sa lungsod, kapag may nasira, bumibili

ng bago. Ngunit sa harap ng kanyang ama, nerealisa niya na may mga bagay na hindi kayang palitan ng pera.

Habang pinagmamasdan niya ang mukha ng ama, napansin niya ang lalim ng mga kulubot sa noo nito. Ang bawat guhit ay parang mapa ng mga sakripisyo: ang pagpupuyat noong nag-aaral siya, ang pagtatrabaho sa ilalim ng matinding sikat ng araw para lamang may maipadalang baon, at ang mga gabing naghihintay ito sa tabi ng telepono na umaasang tatawag ang anak na lamunin na ng modernong buhay.

Nang sumapit ang hapunan, sinaluhan ni Mateo ang ama. Doon niya mas nasaksihan ang bagsik ng pagtanda. Ang ama na dating haligi ng tahanan—ang nagtatanggol sa kanya sa mga asong-gala noong bata siya—ay hirap na ngayong humawak ng kutsara. Kumakalansing ito sa pinggan, at may ilang butil ng kanin na nahuhulog sa mesa.

Nainis nang bahagya si Mateo, hindi sa kanyang ama, kundi sa katotohanang unti-unti nang nilalamon ng panahon ang taong itinuring niyang bayani. Kinuha niya ang kutsara mula sa kamay ng ama. "Tay, ako na po."

"Nakakahiya sa iyo, anak. Matanda na talaga ang Tatay," bulong ng matanda, nakayuko ang ulo tulad ng isang batang napagalitan.

"Walang nakakahiyang mag-alaga sa nag-alaga sa akin, Tay," pilit na pinatatag ni Mateo ang kanyang boses, bagaman may namumuong luha sa kanyang mga mata.

Habang sinusubuan ang ama, bumalik sa kanyang alaala ang mga lumang larawan: ang mga hapon na matiyagang hinihipan ng kanyang ama ang mainit na sabaw para hindi mapaso ang kanyang dila; ang pagbuhat sa kanya sa balikat tuwing baha; ang walang-sawang paggabay sa kanyang bawat hakbang.

Ngayon, nagpalit na ang kanilang mga papel. Ang ama na dating higante ay naging tila isang bata muli, marupok at nangangailangan ng kalinga.

Bago lumipad pabalik sa lungsod si Mateo kinabukasan, pinuntahan niya muli ang ama sa silid nito. Tulog pa ang matanda, mahimbing na nakabalot sa lumang hinabing kumot. Lumuhod si Mateo sa gilid ng kama at hinawakan ang malamig at kulubot na kamay ng ama. Sa mundong ito na sobrang ingay at abala, napakadaling makalimot. Madali nating maibigay ang ating oras sa trabaho, sa mga kaibigan, at sa mga screen ng ating telepono, habang ang mga taong nagbigay sa atin ng buhay ay tahimik na naghihintay sa isang sulok, umaasa sa kahit maikling kumusta.

Napagtanto ni Mateo na ang pagtanda ng mga magulang ay hindi isang pabigat na dapat pasanin, kundi isang sagradong pagkakataon upang ibalik ang pagmamahal na ibinuhos nila noong tayo naman ang walang kakayahan. Sila ang ating pinagmulan, at kapag dumating ang panahon na sila ay naging marupok na parang lumang tela, ang ating mga bisig naman ang dapat magsilbing kumot na magbibigay sa kanila ng init at proteksyon.

Hinalikan ni Mateo ang noo ng ama. "Babalik ako agad, Tay. Hindi ko na hahayaang lumipas ang mahabang panahon."

Sa labas, sumisikat na ang araw, ngunit sa loob ng silid, may init na hindi nagmumula sa liwanag, kundi sa pag-ibig na muling nag-ugnay sa dalawang pusong pinagtagpo ng dugo at panahon.